



The Story of Jesus

④ Nagtuturo, Nagpapalaganap, at Nagpapagaling

Peter


Nakalipas na ang ilang buwan mula nang ako ay magbitiw bilang isang mangingisda. Kamangha-mangha ang mga nangyari sa akin. May nakakatakot na mga pangyayari rin. Ngunit ang pinakamaganda sa lahat, kasama ko si Jesus. Iyon ang pinakakamangha-mangha. Iyon ang pinakamaganda na nangyari sa akin. Hayaan ninyo akong ibahagi sa iyo ang "karaniwang" buhay ni Jesus. Una sa lahat, maraming itinuro si Jesus. Itinuro niya ang Magandang Balita. Tinulungan niya tayo na maunawaan ang Bibliya ng mabuti.

Jesus

Ang Bibliya ay hindi para magdulot sa atin ng takot. Ang Bibliya ay para magbigay sa atin ng kalayaan. Nauunawaan mo ba?

Peter

Pagkatapos magturo ni Jesus, patuloy na sinasabi ng mga tao, "Mahal ko ang Diyos!" Hindi nila mapigilan na sabihin ito. Napakakakaantig at hindi kapani-paniwala. Pangalawa, ipinapalaganap ni Jesus ang mabuting balita. Lalo na, malapit na ang kaharian ng Diyos. Ipinakita niya kung gaano ito kaganda. Hindi makapaghintay ang mga tao na makarating sa kaharian ng langit. Natutunan nilang sundan ang Diyos at mamuhay ayon sa kanyang mga paraan. Punong-puno sila ng pag-asa para sa Kaharian ng Diyos sa kanilang puso.



Peter

Pinakahuli sa lahat, nagpapagaling si Jesus ng mga tao. Pinapagaling niya ang mga may sakit na katawan at mga sugatang puso. Si Jesus ay nagtuturo at nagbabahagi ng Mabuting Balita. Siya'y nagpapagaling ng maraming tao. Tulad ng sinasabi ko sa iyo, sinabi sa akin ni Jesus kung bakit niya ginagawa ang mga bagay na ito at lubos akong nagulat. Iniisip ko noon na ginagawa ito ni Jesus dahil sa kanyang mga kababaghan. Ngunit hindi! Ang dahilan kung bakit ginugol ni Jesus ang kanyang panahon sa pagtuturo, sa pagpapalaganap ng mabuting balita, at pagpapagaling ay dahil sa pag-ibig niya sa Diyos at ginagawa niya ang iniuutos ng Diyos sa kanya. Siya ay malungkot at may kirot sa puso kapag nakakakita siya ng mga taong nagdurusa. Parang siyang isang pastol. Gutom at may sakit ang mga tao.

Ang mga tao ay parang mga tupa (na walang pastol) kaya't nanatili si Jesus sa kanila. Namuhay Siya katulad ng mga tao. Ang kanyang karaniwang buhay na buhat sa kanyang pananampalataya sa Diyos. Ngunit, ito ay hindi ang katapusan ng kwento.